REPUBLIKA NG PILIPINAS

**KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL**

DILG-NAPOLCOM Center

EDSA corner Quezon Avenue, West Triangle, Quezon City

DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
RELEASED
Signature Mia
Date 12-9-15 1:30pm
Control Number
RECORDS SECTION

MEMORANDUM SIRKULAR
Blg. 2015-139

December 9, 2015

PARA SA : LAHAT NG PINUNONG LOKAL NA OPISYAL, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG KINAUUKULAN

PAKSA : PROYEKTONG ATLAS FILIPINAS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

---

Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay itinakda ng Batas Republika 7104 na magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng kapuluan.

Kaugnay ng nabanggit na mandato, inilunsad ng KWF ang proyektong ATLAS FILIPINAS na may layuning bumuo ng AWTORISADONG DIREKTORYO ng opisyal na pangalan ng mga probinsiya, lungsod, bayan, barangay, at iba pang mahahalagang pook sa bansa batay sa sumusunod na aspekto ng saliksik:

1. Lumikha ng isang mapa na naglalaman ng mga opisyal at/o pinagtibay na pangalan ng mga lugar sa bansa;
2. Masangguni at makabuo ng mga resolusyon o ordinansa ang mga lokal na pamahalaan hinggil sa estandardisadong pangalan ng kanilang mga lalawigan, lungsod, bayan, barangay, at mga pook;
3. Mapag-aralan at maipasiya batay sa nasabing resolusyon ang pangalan ng mga pook na may katutubong pinagmulan ngunit sa kasalukyan ay may baybay na nása Español; at maipasiya pagkatapos, kung dapat o hindi isunod sa estandardisadong *Ortograpiyang Pambansa*; at
4. Mapalalim ang kaalaman ng mamamayan hinggil sa kasaysayan ng kanilang mga lalawigan, lungsod, bayan, bartangay, at mga pook.

Batay sa nailahad na layunin, proyekto ng KWF ang pagbuo ng DIREKTORYO ng mga pook sa Filipinas batay sa lahat ng pangngalang katutubo o batay sa pangngalang Filipino na binigyan ng kaukulang pagwawasto alinsunod sa ipinalalaganap na estandardisadong *Ortograpiyang Pambansa.*

Dahil dito, malugod na hinihikayat ng tanggapang ito ang suporta at partisipasyon ng mga lokal na opisyal sa proyektong ATLAS FILIPINAS sa pamamagitan ng matamang pagsusuri kung tatanggapin o hindi ang inihanda at iniwastong KWF DIREKTORYO ng mga pook sa Filipinas. Itinatagubiling anuman ang inyong magiging kapasiyahan ay kagyat na ipabatid sa KWF sa pasulat na paraan bago matapos ang unang kuwarter ng 2016. Hinihiling din ng

Hinihiling din ng Departamentong ito na idulog ang ganitong usapin sa bawat Sangguniang Panlalawigan, Sangguniang Bayan, Sangguniang Panlungsod, at Sangguniang Barangay para sa kaukulang aksiyon.

Kalakip nito ang **Estado ng Implementasyon ng Proyektong Atlas Filipinas** sa mga kinauukulang lokal na pamahalaan na hindi pa nakapagbigay ng ganap na pagpapasiya kung tatanggapin o hindi ang mga rebisyon o pagwawastong iminumungkahi ng Direktoryo ng KWF. Ang komprehensibong direktoryo ay maaring maakses sa pamamagitan ng pagtungo sa: http://1drv.ms/1MgrQ49.

Para sa karagdagang detalye at iba pang katanungan kaugnay ng proyektong ito, maaaring makipag-ugnayan kay G. Jomar I. Cañega sa telepono blg. (02) 736-2525 lokal 105 o sa jinocanega@gmail.com. Maari ring buksan ang elektronikong polyeto sa pamamagitan ng pagtungo sa http://1drv.ms/1PUyAFU.

Inaasahan na ang lahat ng mga Direktor Panrehiyon ng DILG ang mangunguna at mangangasiwa sa malawakan at dagliang pagpapalaganap ng kautusang ito sa kani-kanilang nasasakupan.

Para sa kaalaman at patnubay ng kinauukulan.

MEL SENEN S. SARMIENTO
Kalihim

DILG
DILG-OSEC OUTGOING 09292015-0738

**Estado ng Implementasyon ng Proyektong Atlas Filipinas**

*Response List*

| # | Talaan ng LGU | Pinadalhan ng Sipi ng Memorandum Sirkular Blg. 2014-48 mula sa DILG at Polyeto ng Atlas Filipinas | Naging Tugon |
|---|---|---|---|
| 1 | Lungsod Pasig | √ | Wala |
| 2 | Lungsod Quezon | √ | Wala |
| 3 | Lungsod San Juan | √ | Wala |
| 4 | Lungsod Taguig | √ | Wala |
| 5 | Lungsod Valenzuela | √ | Wala |
| 6 | Lungsod Caloocan | √ | Wala |
| 7 | Lungsod Las Piñas | √ | Wala |
| 8 | Lungsod Mandaluyong | √ | Nagkaroon ng paunang pakikipag-usap ang Tanggapan ng City Administrator sa pamamagitan ni G. Oscar Arceo subalit walang nakuhang commitment ang KWF |
| 9 | Lungsod Marikina | √ | Wala |
| 10 | Lungsod Muntinlupa | √ | Nakipag-ugnayan sa KWF ang Public Information Office sa pamamagitan ni Bb. Patricia Perido at ipinabatid na walang kailangang baguhin dahil naaayon sa Ortograpiyang Pambansa ang pangalan ng Lungsod maging sa mga barangay nito. |
| 11 | Lungsod Navotas | √ | Wala |
| 12 | Lungsod Parañaque | √ | Wala |
| 13 | Lungsod Maynila | √ | Wala |
| 14 | Lungsod Marikina | √ | Wala |
| 15 | Lungsod Pasay | √ | Wala |
| 16 | Pamahalaang Bayan ng Pateros | √ | Wala |
| 17 | Urdaneta, Pangasinan | √ | Wala |
| 18 | Cauayan, Isabela | √ | Wala |
| 19 | Mabalacat, Pampanga | √ | Wala |
| 20 | Malolos, Bulacan | √ | Wala |
| 21 | Masbate, Masbate | √ | Wala |
| 22 | Island Garden City, Davao del Norte | √ | Wala |
| 23 | Tagum, Davao del Norte | √ | Wala |
| 24 | Kabugao, Apayao Province | √ | Wala |
| 25 | Kiangan, Ifugao Province | √ | Wala |
| 26 | Tinoc, Ifugao Province | √ | Wala |
| 27 | Currimao, Ilocos Norte | √ | Wala |
| 28 | Nueva Era, Ilocos Norte | √ | Wala |
| 29 | Cabugao, Ilocos Norte | √ | Wala |
| 30 | Piat, Cagayan Province | √ | Wala |
| 31 | Dupax del Norte, Nueva Vizcaya | √ | Wala |
| 32 | Abucay, Bataan | √ | Wala |
| 33 | Baliuag, Bulacan | √ | Wala |
| 34 | Bocaoe, Bulacan | √ | Wala |
| 35 | Giguinto, Bulacan | √ | Wala |
| 36 | Meycauayan, Bulacan | √ | Wala |
| 37 | Bacolor, Pampanga | √ | Wala |
| 38 | Guagua, Pampanga | √ | Wala |
| 39 | Macabebe, Pampanga | √ | Wala |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 40 | Lalawigan ng Tarlac | √ | Wala |
| 41 | Lungsod Tarlac | √ | Wala |
| 42 | Guinobatan, Albay | √ | Wala |
| 43 | Oas, Albay | √ | Wala |
| 44 | Caramoan, Camarines Sur | √ | Wala |
| 45 | Sagñay, Camarines Sur | √ | Wala |
| 46 | Lalawigang Catanduanes | √ | Wala |
| 47 | Bagamanoc, Catanduanes | √ | Wala |
| 48 | Bingawan, Iloilo | √ | Personal na tumawag sa Tanggapan ng KWF si Mayor Matt Palabrica at nagsabing susuportahan niya ang Proyektong ATLAS FILIPINAS. Ibig niyang maging legacy ang pagwawasto sa pangalan ng kaniyang bayan lalo't siya'y nasa kaniyang huling termino na. Gayunman, hindi na tumugon sa aming follow-up ang kaniyang Tanggapan. |
| 49 | Baclayon, Bohol | √ | Wala |
| 50 | Calubian, Leyte | √ | Wala |
| 51 | Tanauan, Leyte | √ | Wala |
| 52 | Basey, Samar | √ | Wala |
| 53 | Pamahalaang Lalawigan ng Aklan | √ | Wala |
| 54 | Pamahalaang Lalawigan ng Antique | √ | Wala |
| 55 | Pamahalaang Lalawigan ng Capiz | √ | Wala |
| 56 | Lalawigan ng Guimaras | √ | Wala |
| 57 | Lalawigan ng Iloilo | √ | Wala |
| 58 | Lalawigan ng Negros Occidental | √ | Wala |
| 59 | Lalawigan ng Biliran | √ | Wala |
| 60 | Lalawigan ng Silangang Samar | √ | Wala |
| 61 | Lalawigan ng Batangas | √ | Nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ni Provincial Tourism Officer Emily Katigbak at binaggit nitong hindi na ibig ng mamamayan ng Batangas na baguhin pa ang baybay ng kanilang Lalawigan. Gayundin sa mga bayan ng Tanauwan at Mataasnakahoy. |